

KAUTUSANG PANLUNGSOD BILANG 13-020

KAUTUSAN NA NAGBIBIGAY NG TULONG PINANSIYAL SA MGA NAMATAY NA NANINIRAHAN SA LUNGSOD NG MUNTINLUPA SA HALAGANG LIMANG LIBONG PISO (PHP5,000.00) MULA SA ENERO, 2014 NA TATANGGAPIN NG O IBIBIGAY SA ASAWA O PINAKAMALAPIT NA KAMAG-ANAK O PUNERARYA ALINSUNOD SA KAGUSTUHAN NG NAMATAYAN AT ANG PAGLALAAAN NG PONDO PARA DITO.

\*\*\*\*\*

- Ipinanukala ni: **Kgg. Kon. Mgg. Patricio L. Boncayao, Jr.**
- Kasamang Nagpanukala: **Kgg. Kon. Mgg. Raul R. Corro**
- Kgg. Kon. Stephanie G. Teves**
- Kgg. Kon. Louisito A. Arciaga**
- Kgg. Kon. Margarita Amythyst Patdu-Labios, MD**
- Kgg. Kon. Ringo A. Teves**
- Kgg. Kon. Alexander B. Diaz**
- Kgg. Kon. Ma. Dhesiree G. Arevalo**
- Kgg. Kon. Engr. Neptali S. Santiago**
- Kgg. Kon. Elmer S. Espeleta**
- Kgg. Kon. Rafael T. Sevilla**
- Kgg. Kon. Vergel C. Ulanday**
- Kgg. Kon. Robert A. Abas**
- Kgg. Kon. Robert P. Baes**

\*\*\*\*\*

**SAPAGKAT**, noong *ika-29 ng Enero, 1998* ang Sangguniang Panlungsod ay nagpasa ng Kautusang Panlungsod Bilang 96-59, na nagsasaad ng *"Kautusang Panlungsod na nagkaloob ng halagang Isang Libo Limang Daang Piso (Php1,500.00) bilang tulong sa asawa o sa pinakamalapit na kamag-anak ng namatay at maglalaan ng pondo para dito"*;

**SAPAGKAT**, kailangan na matulungan ng Pamahalaang Lungsod ang nagdadalamhating kamag-anak ng namatayan;

**SAPAGKAT**, nagiging suliranin ng namatayan ang gastusin para sa kabaong at pagpapalibing, kung kaya't minabuti ng Pamahalaan Lungsod na sila ay mapagkalooban ng tulong pinansiyal;

**SAPAGKAT**, sa kasalukuyan ay mataas na ang halaga ng kabaong at serbisyo ng pagpapalibing;

**NGAYON DAHIL DITO, ISINASABATAS NG 7<sup>TH</sup> SANGGUNIANG PANLUNGSOD**, sa binuong Regular na Pagpupulong na:

**SEKSIYON 1.** Ang halaga ng tulong pinansyal ay *Limang Libong Piso (Php5,000.00)* mula sa taong 2014.



Sangguniang Panglungsod

**Pahina 2**  
**Kautusang Panlungsod Bilang 13-020**

**SEKSIYON 2. Sakop** – Ang lahat ng namatay/namatayan na naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa sa loob ng **anim (6) na buwan bago mamatay** ay sakop ng Kautusang ito. Ito man ay namatay sa labas o sakop ng Lungsod ng Muntinlupa.

**SEKSIYON 3. Mga kailangang dokumento** – ang mga kinakailangang dokumento upang makamit ang nasabing tulong pinansiyal ay ang mga sumusunod:

- ✓ Sertipikasyon mula sa Punong Barangay/Kalihim na ang namatay ay naninirahan sa kanyang nasasakupan na **hindi baba ng anim (6) na buwan**.
- ✓ Sipi ng Death Certificate na may Registry Number na nagmula sa Tanggapan ng Local Civil Registrar (LCR).
- ✓ Kung bata ang namatay na wala pang anim (6) na buwan gulang, ang magulang ay kailangang may anim (6) na buwan ng naninirahan sa Lungsod ng Muntinlupa.
- ✓ Voters' ID o sertipikasyon mula sa Barangay kung saan siya ay naninirahan.

**SEKSIYON 4. Pagkukunan ng Pondo** – ang pondo ay magmumula sa Executive Budget sa ilalim ng Tanggapan ng Punonglungsod.

**SEKSIYON 5. Bisa** – Ang kautusang ito ay magkakabisa mula sa **Enero 1, 2014**.

**SEKSIYON 6. Pagpapawalang Bisa** – Ang Kautusang Panlungsod Bilang 96-59 at iba pang kahalintulad na batas, regulasyon at pamantayan na hindi tumutugma sa Kautusang ito ay pinawawalang bisa simula Enero 1, 2014.


**PINAGTIBAY**, ng **7<sup>th</sup> Sangguniang Panlungsod ng Muntinlupa** ngayong **ika-4 ng Nobyembre, 2013**, sa kanilang **16 Regular na Pagpupulong**.


**SINANG-AYUNAN:**

**DISTRITO I.**

**KON. MGGL. RAUL R. CORRO**  
*Miyembro*

**KON. MggI. PATRICIO L. BONCAYAO, JR.**  
*Miyembro*

  
**KON. LOUISITO A. ARCIAGA**  
*Miyembro*

  
**KON. RINGO A. TEVES**  
*Miyembro*

**KON. MARGARITA AMYTHYST PATDU-LABIOS, MD**  
*Miyembro*

  
**KON. ALEXANDER B. DIAZ**  
*Miyembro*

**DISTRITO II:**

**KON. MA. DHESIREE G. AREVALO**  
*Miyembro*


  
**KON. INHR. NEPTALI S. SANTIAGO**  
*Miyembro*

**KON. ELMER S. ESPELETA**  
*Miyembro*

  
**KON. RAFAEL T. SEVILLA**  
*Miyembro*

  
**KON. VERGEL C. ULANDAY**  
*Miyembro*

  
**KON. ROBERT A. ABAS**  
*Miyembro*


  
**KON. ROBERT P. BAES**  
*Miyembro*

**LIBAN:**

**KON. BAL NIEFES**  
*Miyembro*

**KON. STEPHANIE G. TEVES**  
*Miyembro*

**KON. LUVI P. CONSTANTINO**  
*Miyembro*

  
**KON. ADORADO P. SAN PEDRO**  
*Kinatawan ng Sektor*  
*Pangulo*  
*Asosasyon ng mga Punonglungsod*

**KON. EULOGIO DS. DIOKO, II**  
*Kinatawan ng Sektor*  
*Pangulo*  
*Pederasyon ng Sangguniang Kabataan*

**PINATOTOTOHANAN KO, ang katumpakan ng Kautusang ito.**

**CECILIA C. LAZARTE**  
*Kalihim*



*Handwritten signature*

**PINATUTUNAYAN:**  
*Handwritten signature*

**ARTEMIO A. SIMUNDAC**  
*Pang. Punonglungsod/Pangulong Opisyal*

*Handwritten signature*

**PINAGTIBAY:**

**MGGL. JAIME R. FRESNEDI**  
*Punonglungsod*

Petsa: NOV 4 2013

*Large handwritten signature*

**Norie/7<sup>th</sup> SP**

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*

*Handwritten signature*